Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
Schools Division Office of Navotas City

Ano ang Epekto ng Gadyet sa mga Magulang ng mga Mag-aaral sa Sped Maye ng Tangos 1

Proponent
MELINDA N. CRUZ

ABSTRACT

Dahil sa pandemya, kapansin-pansin na ang pag- unlad ng pamumuhay ng tao at pag-aaral, kalimitan, ay gumagamit ng teknolohiya. Ang paggamit ng cellphone, laptop, tablet, kompyuter at iba pa ay nakakatulong upang mabilis na mahanap ang mga impormasyon sa pag-aaral. Ayon kay Bertillo (2011) sa kasaysayan ng edukasyon ay malaki ang naiambag ng teknolohiya. Sa katunayan ito ay ito ay isa sa mga pangunahing paraan kung bakit ang pag-aaral ay nagiging madali at mabisa kung kaya naman napakamaraming mag-aaral ang sumasangguni sa teknolohiya para sa kanilang pag-aaral.

Dahil dito, malalaman ng mananaliksik kung ano ang epekto ng gadyet sa 13 sa 23 magulang ng batang mag-aaral sa SPED MAYE ng Tangos 1. Upang matugunan ang suliranin ng mga magulang, inalam ng guro ang mga dahilan ng hindi pagdalo ng mga magulang sa tuwing nagpapatawag ng miting, di pagkuha ng Activity Sheets sa tinakdang araw at oras sa oras na lumiliban ang kanilang mga anak, di pagdalo sa mga gawaing pampaaralan at di pagtugon sa mga katanungan tungkol sa kasaluluyang sitwasyon ng anak na may espeyal na pangangailangan.

INTRODUCTION

Sa ating panahon ngayon, kapansin-pansin na ang pag- unlad ng pamumuhay ng tao, kalimitan ay bunga ng teknolohiya. Dahil sa pandemya, nagbago ang pamamaraan ng pag-aaral Ang paggamit ng teknolohiya gaya ng cellphone, laptop, tablet, kompyuter at iba pa ay nakakatulong upang mabilis na mahanap ang mga impormasyon sa pag-aaral. Ayon kay Bertillo (2011) sa kasaysayan ng edukasyon ay malaki ang naiambag ng teknolohiya sa ating buhay.

Sa paraang ito, malalaman ng mananaliksik kung ano ang mga epekto ng gadyet sa 10 sa 23 na magulang ng batang mag-aaral sa SPED Maye ng Tangos 1. Upang matugunan ang suliranin na kinakaharap ng mga magulang, inalam ng guro ang mga dahilan ng hindi pagdalo ng mga magulang sa tuwing nagpapatawag ng miting at kumustahan, di pagkuha ng Activity Sheets sa tinakdang araw at oras, at di pagtugon sa mga katanungan tungkol sa kasaluluyang sitwasyon ng anak na may espeyal na pangangailangan.

STATEMENT OF THE PROBLEM

Ano ang epekto ng gadyet sa 23 magulang ng mga batang mag-aaral sa SPED MAYE ng Tangos 1?

Ano ang kagandahang dulot ng gadyet sa magulang sa SPED MAYE?

METHODOLOGY

CONCLUSION

Batay sa datos na sinuri ng mananalisik, 10 sa 23 magulang ay hindi nakadadalo sa miting, di nakakukuha ng Activity Sheets kung ang kanilang anak ay lumiban sa klase, di nakakadalo sa mga gawaing pampaaralan at di nakatutugon sa mga katanungan tungkol sa kasaluluyang sitwasyon ng kanilang mga anak ang ibinahaging dahilan sa guro.

RECOMMENDATION

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, iminumungkahi ang mga sumusunod sa mga magulang:

(a) sikaping araw-araw na samahan ang anak sa pagpasok sa klase
(b) regular na kumustahin sa guro ang lagay ng anak sa klase
(k) maglaan ng oras para sa anak sa paaralan
(d) regular na alamin sa guro ang iskedyul ng miting, ano ang tungkol sa activity sheets at ibang gawaing sa paaralan
(e) magtanong sa kapwa magulang ng SPED Maye

REFLECTION

Bilang guro, ipinauunawa ko sa mga magulang ang kahalagahan ng pag-iingat sa pinahiram na gadyet at kaibahan ng di pag iingat sa pinahiram na gadyet.

Gayundin ang pakikipag-usap sa guro, paglalaan ng oras sa anak sa paaralan at pakikisuyo

Ang pananaliksik ay ginamitan ng interbyu o pagtatanong, pakikipag-usap sa mga kalahok na magulang ng mag-aaral sa SPED MAYE ng Tangos 1.	at malasakit sa kapwa magulang ng SPED Maye ay solusyon sa walang gadyet. Mahalaga na maunawaan ang parent involvement na salik sa pag-aaral ng mga bata ay higit pa sa gadyet kung ang mga magulang ay makikipagtulungan sa guro at kapwa magulang
RESULTS AND DISCUSSION	**REFERENCE**
Lumabas sa pag -aaral sa klase ng SPED MAYE, na 10 sa 23 magulang ay hindi dumadalo sa miting, di kumukuha ng Activity Sheets sa tinakdang araw at oras, di dumadalo sa mga gawaing pampaaralan at di tumutugon sa mga katanungan tungkol sa kasaluluyang sitwasyon ng kanilang mga anak.	Bertillo, Emil Alberto V. (2011). Ang Epekto Ng Teknolohiya Sa Pag-Uugali Ng Mga Mag-Aaral. https://www.bartleby.com/essay/Ang-Epekto-Ng-Teknolohiya-Sa-Pag-Uugali-FKD22LKRZYS.

Submitted by:

MELINDA N. CRUZ
Researchers' Name

Approved:

MA. FE M. JUBILO
Principal